# *Ang Puno ng Igos Yugto 1*

***"1 Nang panahon ding ngang yaon ay nangaroon ang ilan, na nagsipagsabi sa kaniya tungkol sa mga Galileo, na ang dugo ng mga ito'y inihalo ni Pilato sa mga hain nila. 2At siya'y sumagot at sinabi sa kanila, Inaakala baga ninyo na ang mga Galileong ito ay higit ang pagkamakasalanan kay sa lahat ng mga Galileo, dahil sa sila'y nangagbata ng mga bagay na ito? 3Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan. 4O yaong labingwalo, na nalagpakan ng moog sa Siloe, at nangamatay, ay inaakala baga ninyo na sila'y lalong salarin kay sa lahat ng taong nangananahan sa Jerusalem? 5Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan.6 At sinalita niya ang talinghagang ito, Isang tao ay may isang puno ng igos na natatanim sa kaniyang ubasan; at siya'y naparoong humahanap ng bunga niyaon, at walang nasumpungan. 7At sinabi niya sa nagaalaga ng ubasan, Narito, tatlong taon nang pumaparito akong humahanap ng bunga sa puno ng igos na ito, at wala akong masumpungan: putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa? 8At pagsagot niya'y sinabi sa kaniya, Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba: 9At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo." (Lucas 13:1-9)***

Ang mga tao o maaaring isa ka sa kanila kapag nakakarinig sila ng mula sa mga balita ng tungkol sa mga pagpatay, mga aksidente sa kalsada na may malubhang nasugatan, mga natural na kalamidad gaya ng paglindol, bago, pagsabog ng Bulkan, mga pagbaha na maraming taong namatay at bahay na nasira at mga bahay at nayon na nawasak, o mga balita ng digmaan, mga kaguluhan o pagsabog at maraming taong namatay, magkakaroon sila ng tiyak na pagkilala tungkol sa kung anong nangyayari. Ang unang papasok sa kanilang isipan na ang mga taong naapektuhan ng lahat ng mga kalamidad na ito ay mga gumagawa ng masama at pinahihintulutan ng Diyos na mangyari sa kanila ang mga ganitong bagay bilang kaparusahan dahil sa kanilang mga kasalanan. Iyon ay maaring katotohanan, ngunit possible rin na ang mga naapektuhan ay inosente.

Ang katulad ay nangyari sa panahon ni Jesus, at ang mga taong nakapalibot sa Panginoon ay natakot sa kung anong ginawa ni Pilato nang pinatay niya ang ilang mga tao at inihalo ang kanilang dugo sa dugo ng kanilang mga handog na inialay nila gaya ng kanilang pagsamba sa Diyos. ***"1 Nang panahon ding ngang yaon ay nangaroon ang ilan, na nagsipagsabi sa kaniya tungkol sa mga Galileo, na ang dugo ng mga ito'y inihalo ni Pilato sa mga hain nila." (Lucas 13:1)*** Napagtanto ng mga tao na hinarap sila ng ganoong kalagayan dahil mayroon silang nagawang masamang mga bagay sa Panginoon. Ngunit itinuwid sila nang sinabi Niya sa kanila ang sumusunod: ***"2 At siya'y sumagot at sinabi sa kanila, Inaakala baga ninyo na ang mga Galileong ito ay higit ang pagkamakasalanan kay sa lahat ng mga Galileo, dahil sa sila'y nangagbata ng mga bagay na ito? 3Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan." (Lucas 13:2-3)*** Pinabalik ng Panginoon ang mga taong nagdala sa Kanya ng gayong mga balita at ginawa silang mag-isip ng tamang paraan. Sinabi sa kanila ni Jesus na huwag isipin na ang mga Galilean na iyon ay mas makasalanan at huwag isipin na ang iyong sarili ay matuwid; binalaan sila ng Panginoon na kung hindi sila mangasisi sila ay mapapahamak din.

Sinabi din ni Jesus sa kanila ang sumusunod na pangyayari ng parehong salysay: ***"4 O yaong labingwalo, na nalagpakan ng moog sa Siloe, at nangamatay, ay inaakala baga ninyo na sila'y lalong salarin kay sa lahat ng taong nangananahan sa Jerusalem? 5Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan." (Lucas 13:4-5)*** Sa pangalawang pagkakataon sinabi ni Jesus sa mga tao at sa atin ang sumusunod: Huwag isipin ang iyong sarili na mas mabuti kaysa sa mga taong naaapektuhan ng mga kalamidad at huwag mag sariling katuwiran. Huwag ipagmalaki ang tungkol sa iyong sarili dahil sa nangyari sa kanila maaaring ito ay mangyari sa iyo din kung hindi ka magsisisi.

Ang masamang mga balita na ating narinig ay isang paanyaya para sa ating upang magsisi, talikuran ang kasalanan at bumalik sa Panginoon. Kapag nakakarinig tayo ng masasamang balita dapat nating seryosohin ang mga bagay; kung ano ang nangyari sa mga tao maaring mangyari din sa atin. Ang Diyos ay maawain sa atin; Pinatatawad Niya tayo sa ating mga kasalanan at hindi rin Niya tayo pinarurusahan ayon sa nararapat sa ating mga kasalanan ngunit hindi dapat nating abusuhin ang biyaya ng Diyos. Kung ang Panginoon ay hindi ka hinaharap sa iyong pagkukulang ay hindi nangangahulugang na ang Diyos ay masaya sa iyong buhay, kundi ipinapakita lamang ng Panginoon sa iyo ang pagibig upang para sa iyo ay magsisi.

Ang ilan ay nagmamalaki sa mga materyal na bagay na mayroon sila at iniisip nila na mayroon sila ng lahat ng mga bagay sapagkat ang Diyos ay masaya sa kanila. Ito ay panlilinlang ni Satanas at ang mga bagay na kailangang maipaliwanag sa iyo. Ang sumusunod ay malinaw na pag-unawa mula sa Salita ng Diyos upang maiwasan ang pagkahulog sa bitag ng diablo:

***1. Ang materyal na mga pagpapala ay hindi tanda ng pagsang-ayon ng Diyos:*** Marami iniisip nila na sa mga may higit na materyal na mga bagay ay pinagpala ng Panginoon. Yaon ay maaring totoo ngunit hindi

nangangahulugang na ang Diyos ay masaya sa lahat nang mayroong higit na materyal na mga bagay. Minsan ipinapahintulot ng Diyos sa masama na magkaroon na materyal na mga pagpapala, ngunit hindi ibig sabihin na sinasang-ayunan Niya sila. Ang Salita ng Diyos ay itinituro sa atin na ang Diyos ay nagbibigay ng materyal na mga bagay sa masama, ***"Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." (Mateo 5:45)*** Ang Mangaawit ay sinalita ang tungkol sa kaginhawaan ng masama. ***"Sapagka't ako'y nanaghili sa hambog, nang aking makita ang kaginhawahan ng masama." (Awit 73:3)*** Sinalita rin ni Solomon ang tungkol sa mabubuting tao na nakatanggap ng masamang mga bagay at ang masasamang tao ay nakatanggap ng mabubuting bagay. ***"May walang kabuluhan na nangyayari sa lupa; na may mga matuwid na tao na kinapapangyarihan ng ayon sa gawa ng masama; muli, may mga masamang tao na kinapapangyarihan ng ayon sa gawa ng matuwid; aking sinabi, na ito man ay walang kabuluhan." (Panahoy 8:14)*** Narito sa sinabi ni Solomon na ang matutuwid na tao ay na nakakakuha ng nararapat sa masama, at masasamang tao ay na nakakakuha ng nararapat sa mabuti. Kaya't ating makikita rito na ang masama ay maari pa ring maging masagana at pinahintulot ito ng Diyos. Kaya't napagtanto natin na ang materyal na mga pagpapala ito ay hindi magiging tanda ng pagsang-ayon ng Diyos para sa taong iyon na mayroong higit niyaon. At sa ganoong katayuan mapagtatanto pa rin natin na ang kahirapan ay hindi nangangahulugang isang tanda ng hindi pagsang-ayon ng Diyos.

***2. Ang Espirituwal na mga pagpapala ay hindi tanda ng pagsang-ayon ng Diyos:*** Ibinigay ng Diyos ng espirituwal na mga kaloob at magawa nating gawin ang Kanyang gawain at iyon ay para sa Kanyang kaluwalhatian. Ngunit hindi nangangahulugan na maari nating gawin ang mali at abusuhin ang mga kaloob na ibinigay ng Diyos sa Kanyang paglilingkod. Ang ating mga kasalanan at pagsuway ay hindi matatakpan at mababayaran ng ating mga ministerio at paglilingkod sa Diyos, ganon din ang ating masaganang paglilingkod ay hindi isang tanda ng pagsang-ayon ng Diyos. Binanggit din ni Jesus sa Mateo na ang mga nagsasabing sila ay nagpalayas ng demonyo at gumawa ng kamangha-manghang gawain ng Diyos, ay maaaring hindi Siya nalulugod sa kanila: ***"21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:21-23)*** Kaya kailangan nating maging maingat kung paano kumilos sa paglilingkod sa Diyos at huwag balewalain ang mga bagay at kailangan nating gawin ang Kanyang kalooban.

***3. Ang poot ng Diyos sa masama ay hindi patunay na tayo ay matutuwid na tao:*** Kung ang Diyos ay hindi hinaharap ang iyong mga kasalanan hindi nangangahulugang na Siya ay masaya sa iyo. At kung dinidisiplina o pinaparusahan ng Diyos ang ilan para sa kanyang mga kasalanan hindi nangangahulugang ikaw ay matuwid. Kung hindi ka magsisisi ay darating ang iyong panahon at haharapin ka ng Panginoon. Ang Panginoon ay maawain kaya inaantala Niya ang Kanyang paghatol ngunit anomang oras ay maaring harapain ka ng Panginoon kung hindi ka magsisisi.

Ang buhay ng Cristiano ay hindi sa kung ilang taon kang Cristiano; marami sila'y nagmamalaki na matagal na silang Cristiano ngunit ang mahalaga dito ay hindi iyon kundi kung gaano ka sumunod sa Diyos at lumakad sa Kanyang mga paraan. Ang Cristianismo ay isang istilo ng pamumuhay at pangako sa Panginoon hanggang sa wakas gaya ng sinabi ni Jesus, ***"13 Datapuwa't ang magtitiis hanggang sa wakas ay siyang maliligtas." (Mateo 24:13)***

Nais ng Panginoon na makita at malugod sa bunga ng iyong buhay. Sa talinghanga na binanggit ng Panginoon tungkol sa puno ng igos sa kanyang ubasan; nangangailangan ito ng pagsisikap at lugar sa ubasan. Inilagay Niya rin ang isang lalaki upang mangalaga doon at iyon ay panibagong gastos para sa may-ari at bukod pa doon ang kanyang patuloy na pagsubaybay at pagsisikap sa loob ng tatlong taon ngunit pagkatapos ay walang bunga. * Dapat mo ngayong matanto na nais ng Diyos na ikaw ay mabago at magbago mula sa pagiging tagatanggap ng pag-aasikaso tungo sa tagapagbigay ng pag-aasikaso at mula sa pagiging tagatanggap para maging produktibong tao. * Ang Panginoon ay naglaan ng maraming mapagkukunan sa iyong buhay at nais Niya sa iyong maging produktibo at mamunga sa iyong paglakad kasama Niya. Ang panahon ay dumating na sa iyong buhay na kailangan mong maging tapat sa Panginoon at ipakita ang iyong mabuting pasasalamat sa Kanya sa pagiging masunurin upang isagawa ang gawain at kamitin ang mabuting gawa na nauna Niyang inihanda para sa iyo upang gawin.

Gusto ng Panginoon na lasapin ang bunga sa iyong buhay at masiyahan sa iyong mabuting pag-uugali at ganap na katangian na nagpapahayag ng pagibig ng Diyos at ng Kanyang kalooban. Sinalita ni Mateo ang tungkol sa isang tunay na puno ng igos na nilapitan ni Jesus upang makakain at mabusog ang kanyang gutom: ***"18 Pagka umaga nga nang siya'y bumabalik sa bayan, nagutom siya. 19At pagkakita sa isang puno ng igos sa tabi ng***

***daan, ay kaniyang nilapitan, at walang nasumpungang anoman doon, kundi mga dahon lamang; at sinabi niya rito, Mula ngayo'y huwag kang magbunga kailan man. At pagdaka'y natuyo ang puno ng igos." (Mateo 21:18-19)*** Sinumpa ni Jesucristo ang puno ng igos sapagkat wala itong bunga. Maraming mga Cristiano ay mga dahon lamang at walang bunga. Si Jesus ay gutom at gustong masiyahan sa kung paano mo isabuhay ang iyong buhay para sa Kanya. Ang sumusunod ay ang Banal na Kasulatan na maaring ipakita sa atin ang hinahanap ni Jesus at lasapin sa ating buhay.

***A. Hinahanap ni Jesusa ng tupa at hindi mga kambing:*** Sa talinghanga ng tupa at mga kambing ang Panginoon ay pinuri ang tupa para sa kanilang tunay na pagibig at kung paano nila itinakwil ang kanilang sarili alang alang sa iba, at hinatulan ang mga kambing para sa kanilang pagkamasarili at kawalan ng malasakit, ***"31 Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: 32At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing; 33At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing.34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: 35Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; 36Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan. 37Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? 38At kailan ka naming nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? 39At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin? 40At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.41 Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel: 42Sapagka't ako'y nagutom, at hindi ninyo ako pinakain; ako'y nauhaw, at hindi ninyo ako pinainom; 43Ako'y naging isang taga ibang bayan, at hindi ninyo ako pinatuloy; hubad, at hindi ninyo ako pinaramtan; maysakit at nasa bilangguan, at hindi ako dinalaw. 44Kung magkagayo'y sila nama'y magsisisagot, na magsisipagsabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, o nauuhaw, o isang taga ibang bayan, o hubad, o may-sakit, o nasa bilangguan, at hindi ka namin pinaglingkuran? 45Kung magkagayo'y sila'y sasagutin niya, na sasabihin, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na yamang hindi ninyo ginawa sa maliliit na ito, ay hindi ninyo ginawa sa akin. 46At ang mga ito'y mangapaparoon sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa't ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay." (Mateo 25:31-46)*** Ang panahon na sinimulan mong itakwil ang iyong sarili at ibigin ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili iyon ang panahon na nagawa mong ibahagi at ibigay sa iba. Ang tupa ni Jesus ay ang nagpapakain sa nagugutom at nagbibigay ng tubig sa nauuhaw, damit sa hubad, at pagbisita sa mga nasa bilangguan at sa may karamdaman at alagaan sila.

***B. Hinahanap ni Jesus ang totoong alagad:* "14 *At nang dumating ang oras, ay naupo siya, at ang mga apostol ay kasalo niya. 15At sinabi niya sa kanila, Pinakahahangad kong kanin na kasalo ninyo ang kordero ng paskuang ito bago ako maghirap: 16Sapagka't sinasabi ko sa inyo, Ito'y hindi ko kakanin, hanggang sa ito'y maganap sa kaharian ng Dios." (Lucas 22:14-16)*** Ginanap ni Jesus ang paskua kasama ng Kanyang tunay na mga tagasunod. Si Jesus ay sabik na makipagpisan sa atin hanggat tayo ay naayon sa Kanya at sa Kanyang Salita at pagtuturo. Si Jesus ay hindi lamang nagugutom kundi naghahanap din upang kumain kasama ng mga manggagawa na handang magdusa para sa Kanyang gawain. Kaya't ang Panginoon kapag Siya ay tumitingin sa puno ng igos o sa Kanyang simbhan ay nais Niyang makita ang mga tunay na disipulo o manggagawa, at hindi isang pulutong lamang na walang pagmamalasakit sa Panginoon o sa Kanyang Salita o sa Kanyang gawain.

***C. Si Jesus ay gutom at uhaw upang makita ng mga alagad na nabubuhay para tuparin ang banal na kasulatan:*** Si Jesus nang siya ay dumating tinupad ang Banal na Kasulatan, kahit na Siya ay nasa krus tinupad Niya ang Banal na Kasulatan: ***"28 Pagkatapos nito, pagkaalam ni Jesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, Nauuhaw ako. 29Mayroon doong isang sisidlang puno ng suka: kaya't naglagay sila ng isang esponghang basa ng suka sa isang tukod na isopo, at kanilang inilagay sa kaniyang bibig. 30Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga." (Juan 19:28-29)*** Upang tupdin at isakatuparan ang Banal na Kasulatan iyon ang gawain na ipinagkatiwala ni Jesus sa iyo ngayon gaya ng iyong narinig o binasa sa mensahe. Huwag maging katulad ng iba na sumuway sa Diyos at baluktutin ang Banal na Kasulatan. Maging masigasig na sumunod sa Diyos at lumakad sa Kanyang mga paraan. Ang Banal na Espiritu ay hinahamun ka paminsan-minsan upang sundin ang tiyak na Kasulatan at isagawa ang mga ito, at habang sinusunod mo pinararangalan mo ang Diyos at sa iyo sa gayon ang papawi ng pagka-uhaw ni Jesus. Sa madaling salita si Jesus ay nauuhaw at naghahanap ng mga alagad na gumagawa ng kalooban ng Dkiyos gaya ng Kanyang

sinabi, ***"35 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina." (Mateo 3:35)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang salita ng Diyos ay sinasabi sa atin ang sumusunod***: "Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan." (Awit 103:10)*** Tinatawag ka ng Diyos upang bumalik sa Kanya, upang magpakumbaba at magsisi mula sa iyong mga kasalanan. Ang Kanyang awa ay pumipigil sa Kanyang paghatol sa iyo. Ang pagparito ng Panginoon ay malapit na at kailangan nating maging handa para sa Kanyang pagparito. Ngayon! Ay ang oras para sa iyo upang magpasya upang bumalik sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos ay sinasabi sa atin ang sumusunod: ***"33 O pabutihin ninyo ang punong kahoy, at mabuti ang bunga niyaon; o pasamain ninyo ang punong kahoy, at masama ang bunga niyaon: sapagka't ang punong kahoy ay nakikilala sa pamamagitan ng kaniyang bunga." (Mateo 12:33)*** Sa gayon nasa iyong mga kamay na maging masunuring anak ng Diyos at upang paluguran Siya. Sinabi rin ni Jesus, ***"7 Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo. 8Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad." (Mateo 15:7-8)*** Sa gayon ito ay iyong pananagutan na tumalima sa Salita ni Jesus at magsipagbunga sa iyong buhay at ang pangalan ni Jesus ay maitaas at maluwalhati sa iyong buhay gaya ng iyong pagsang-ayon upang manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong katuruan na aking natanggap ngayon mula sa iyong Salita, at nagawa kong malaman kung paano mo nais na isabuhay ang aking buhay para sa iyo.*

*Magsisi at talikuran ang iyong mga kasalanan; sariling pagkamatuwid, pagmamataas, kawalan ng pangako, pagkamasarili, walang pagibig sa Diyos, at sa Kanyang gawain at sa mga nawawalang mga kaluluwa. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan ________________________________________. Aking tinatalikuran ang lahat ng mgta ito at italaga ang aking sarili na isabuhay ang aking buhay para sa iyo. Iniaalay ko ang aking sarili na paglingkuran ka ng buong puso at ibigay ang lahat ng mayroon ako sa aking paglilingkod.*

*Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na isabuhay ang aking buhay ayon sa iyong Salita, itakwil ang aking sarili, mabuhay bilang tunay mong alagad, at dalhin ang bunga ng Banal na Espiritu, sa pagiging sagana sa pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahuhan, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan kaamuhan, at pagpipigil sa sarili. Tulungan mo ako Panginoon na gawin iyon at isabuhay ang aking buhay sa ganoong paraan.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatiran na na ipinangako ang kanilang buhay para sa iyo, Panginoon ako'y nanalangin na paging dapatin kami na maging bayan mo na nais mong maging; isang tagpagtaguyod ng paglilingkod, isang tagapagbigay ng malasakit, na handang itakwil ang kanilang sarili at patuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon pusposin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at patnubayan kami na gawin ang pinaka kalooban mo, upang magpatuloy at gawin ang paglilingkod na nais mong gawin namin. Panginoon paging dapatin kaming abutin ang bagong bayan at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal an Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Puno ng Igos Yugto 1. Lucas 13:1-9. Mateo 5:45. Awit 73:3, Panaghoy 8:14. Mateo 7:21-23. Mareo 24:13. Mateo 21/;18-19. Mateo 25:31-46. Lucas 22:14-16. Juan 19:28-29. Marcos 3:35. Awit 103:10. Mateo 12:33. Juan 15:7-8.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com